# *BAYANIHAN*

**Ni TOMAS L. SANTOS, P.M.**
**Marikina Lodge No. 119 F. & A.M.**

Ang seksiyong 5, Artikulo XIV ng Saligang Batas ng Pilipinas ay nagtatakda ng mga sumusunod, "Lahat ng mga institusyon sa pagtuturo ay sasailalim ng pamamanihala at mapapaloob sa mga tuntuning lagda ng Estado. Ang Pamahalaan ay magtatatag at magpapairal ng isang ganap at sapat na pamamaraan ng edukasyong pangmadla, at magtatakda ng mga paaralang walang-bayad para sa pang-unang pag-aaral man lamang, at *ng pagsasanay sa paghamamamayan sa matatanda* xxxxxx."

Sa kasalukuyang ang ating Pamahalaan ay gumugugol ng ₱502,439,574[1] upang maisakatuparan ang binanggit sa itaas na seksiyong ng Saligang-Batas. Hindi nag-atubiling naglaan ng ganitong kalaking halaga ang mangbabatas. Napagkilala na ang nasabing halaga ay malaki ang magagawa sa ikasusulong ng bansa sa edukasyon na kalakip na rito ang *pagsasanay sa paghamamamayan sa matatanda*. Ang nasabing pagsasanay, sangayon sa ating Saligang-Batas ay tungkuling ng ating mga paaralang bayan. Ang napakalaking gugulin ay hindi pa sapat sa napakalaking makabuluhang gawain. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa maraming maisasagawang pangtulong sa gawaing ito.

*Ilang Pamamaraan*

A. Pagtuturo sa mga maysapat na gulang sa pamamagitan ng mga aralin ng mga bata sa paaralan (Curriculum Approach).

Ito'y ginagampanan ng lahat ng paaralang bayan ng buong bansa. Halimbawa, sa silid aralan ay pinag-uusapan o tinatalakay ang kalinisan, sapagka't napatunayang ang bagay na ito'y kailangan sa lugar na iyon. Sa pinag-uusapan ay ang kahalagahan ng kasilyas ay napaloob. Pagkatapos na ang lahat ng bagay-bagay ay mapag-usapan ang lahat ng ito'y tatapusin sa isang pagkaklase sa isang lugar sa nayon. Dito'y aanyayahan ang ilang magulang o mamamayan upang dumalo sa nasabing pagpapatuloy ng klase. Ang ilang dumalo ay maaaring makinig, makilahok o makapagbigay payo sa pinag-uusapan.

Ang aralin ng mga bata sa paaralan ay napaaabot sa mga mamamayan sa ganitong pamamaraan.

B. Pagtuturo ng pagbasa, pagsulat, aritmetika at mabuting mamamayan (Functional Literacy).

Ang pagtuturo ng pagbasa, pagsulat, aritmetika at mabuting ma-

[1] Republic Act No. 3845, Current Budget

mamayan sa maysapat na gulang ay isa rin tungkuling ng paaralan batay sa nabanggit na Artikulo ng Saligang Batas ng Pilipinas. Sa gawaing ito'y kailangan ang ibang sangay ng Pamahalaan at mga samahang sibiko. Ang pamamaraang pagtutulong-tulong o *bayanihan* ay makatutulong ng malaki sa ikasusulong ng bansa. Ang isang bansang ang mga karamihan sa mamamayan ay marunong bumasa, sumulat, aritmetika at ng tungkuling ng mabuting mamamayan, ang bansang ito'y nabibilang sa bansang maunlad.

Ang isang maliit na bayanihan ay kasalukuyang nangyayari sa Parang, Marikina, Rizal. Ito'y pinasimulan pa noong Oktubre, 1962, ng Kapatiran ng Masonerya (Marikina Lodge No. 119, F. & A.M.). Inilunsad noong Abril 5, 1963 ang pangangailangang ng isang Pampamayanang Paaralan (Adult ang Community Education) na napatunayang kailangang sa Nayon. Sinangguni ng Masonerya ang mga sumusunod:

1. Mababang Paaralan
2. Parang PTA
3. Sangguniang Nayon
4. Y's Men's Club, at
5. Parang Cooperative Credit Union

Napagtapos noong Hulyo 5, 1963 ang isang maliit na klase.

Sa mga sumusunod na klase ng Pampamayanang Paaralan ay nakipagtulungan din ang dalawa pang samahan sumusunod:

6. PARMARIZ
7. Marikina Valley Lion's Club

Naging masugid na katulong ang Marikina Valley Lion's Club sa ikalawang klase. Handa rin silang tumulong (bigay pala sa guro at mga kagamitan sa klase) sa loob ng isang taon susunod.

Kasalukuyang ngayon nagtatatag ng isang Sangguniang[2] bubuing ng mga Pangulo o Kinatawan ng bawa't samahan sa Marikina, Rizal. Ang Sangguniang ito'y nadamang kailangang ng bayan upang palaganapin sa lahat ng nayong nangangailangang ng nasabing Paaralang Pampamayanan.

K. Ang binagong Karta ng Nayon ay binabanggit ang mga sumusunod, " (j) Upang tumawag o magdaos ng mga panayam, palatuntunan, at/o mga kapulungang bayan ng kahit dalawang beses man lamang sa isang buwan para maturuan at mapaliwanagan ang nayon ukol sa mga gawaing moral, pambayan, pang-edukasyon, politika, at iba pang bagay na mapakikinabangan ng madla;" Ito'y binanggit sa Artikulo III ng nasabing Karta.

Sa bisa ng Artikulo III na nabanggit sa itaas, kung ang lahat ng paaralan ay tutulong sa Sangguniang Nayon sa pagpapatupad nito, ang palatuntunang pangpamayanan ng Pamahalaan ay maaaring mapalaganap sa ikasusulong ng bansa.

Ang mga nabanggit ay ilang lamang halimbawang maaaring maisagawa ng paaralan, pamahalaan at samahan sibiko. Sa kanilang pagtutulungan o bayanihan sa gawaing edukasyong, ang ating minamahal na bayan ay maaaring makaagapay sa mga bansang maunlad sa buong daigdig.

[2] Unang Pulong ng Sanggunian nagaganapin sa Marikina Library sa Enero 19, 1964.